Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

7 Mayo 2017 | Ika-4 na Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay | Taon A

LINGGO NG MABUTING PASTOL

NAGLILINGKOD SA LAHAT, TULAD NI KRISTO

Ipinagdiriwang natin ngayon ang Linggo ng Mabuting Pastol at ang ika-54 na Pandaigdigang Araw ng Panalangin para sa mga Bokasyon. Ipinaaalaala ng pagdiriwang na ito ang ating bokasyong sumunod kay Kristo at ang kahalagaha't kagandahan ng panawagan sa pagpapari at sa buhay konsagrado.

Bilang bahagi ng kawan ng Diyos, may tungkulin tayong magtaguyod at magpanatili ng mga bagong bokasyong pagpapari at buhay relihiyoso. Sa Banal na Misa natin ngayon, manalangin tayo sa Pa-nginoon ng Pag-aani para sa mga dagdag at banal na manggagawa sa Kanyang taniman: mga taong puspos ng pagmamahal at habag ng Mabuting Pastol na naghain ng sarili niyang buhay para sa kanyang mga alaga. Manalangin din tayong ang mga hinirang ay mangyaring sumagot ng tunay na "Oo" sa bawat araw ng kanilang buhay.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Pag-ibig ng D'yos na tapat sa daigdig ay laganap. Sa salita n'ya'y natatag kalangitan sa itaas. Aleluya ay ihayag!

Pagbati

***P*–** Ang pagpapala at kapayapaan ni Hesus, ang "Mabuting Pastol," ay sumainyong lahat!
***B* –At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

***P*–** Natitipon dito sa harap ng Mabuting Pastol, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at hilingin ang kanyang pagpapatawad at lakas. *(Manahimik saglit.)*

***P* –** Panginoong Hesus, ikaw ang Mabuting Pastol na naghain ng kanyang buhay para sa amin. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –** Panginoong Hesus, kami ang tupang madalas maligaw ng landas. Kristo, kaawaan mo kami!
***B* –Kristo, kaawaan mo kami!**

***P* –** Panginoong Hesus, nagpabaya kaming magpahalaga at makiisa sa mga katulong mong pastol para mamatnubay sa amin. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B* – Amen!**

Papuri

***B*–** Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

***P*–**Ama naming makapangyarihan, akayin mo kami upang kami'y mapabilang sa mga maliligayang kapiling mo sa kalangitan upang sa pagsunod namin bilang abang kawan kami'y makarating sa sinapit ng pastol na idinangal na siyang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* –Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa *Gw 2:14.36-41*

Patuloy sa kanyang pakiusap sa mga taong nagtipon malapit sa Silid sa Itaas, malakas na ipinahahayag ni Pedrong si Hesus ay ang Panginoon at Mesiyas. Ang tanging paraan para magtamo ng kaligtasang hatid niya ay magbalik-loob at magpabinyag.

L –Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong araw ng Pentekostes, tumayo si Pedro at ang labing-isang apostol, at nagsasalita siya nang malakas, "Dapat malaman ng buong Israel na itong si Hesus na ipinako ninyo sa krus – siya ang ginawa ng Diyos na Panginoon at Kristo!"

Nabagabag ang kanilang kalooban nang marinig ito, at tinanong nila si Pedro at ang mga apostol, "Mga kapatid, ano ang gagawin namin?"

Sumagot si Pedro, "Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan at magpabinyag kayo sa pangalan ni Hesukristo upang kayo'y patawarin; at ipagkakaloob sa inyo ang Espiritu Santo. Sapagkat ang pangako'y para sa inyo at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nasa malayo – sa bawat tatawagin ng Panginoong Diyos."

Marami pa siyang inilahad upang patunayan ang kanyang sinabi, at nanawagan siya sa kanila, "Lumayo kayo sa masamang lahing ito upang kayo'y maligtas."

Kaya't ang mga naniwala sa kanyang sinabi ay nagpabinyag; at nadagdag sa kanila ang may tatlong libong tao nang araw na iyon.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan *Awit 22*

B –Pastol ko'y Panginoong D'yos, hindi ako magdarahop!

R. M. Velez



*** Panginoo'y aking Pastol, hindi ako magkukulang. Ako'y pinahihimlay sa mainam na pastulan, at inaakay niya ako sa tahimik na batisan. Binibigyan niya ako niyong bagong kalakasan!** ***B.***

*** At sang-ayon sa pangako na kanyang binitiwan, sa matuwid na landasi'y doon ako inaakay. Kahit na ang daang iyo'y tumatahak sa karimlan, hindi ako matatakot pagkat ika'y kaagapay; ang tungkod mo at pamalo ang gabay ko at sanggalang.** ***B.***

*** Sa harapan ng lingkod mo, ikaw ay may handang dulang; ito'y iyong ginagawang nakikita ng kaaway. Nalulugod ka sa akin na ulo ko ay langisan at pati na ang kalis ko ay iyong pinaaapaw.** ***B.***

*** Tunay na ang pag-ibig mo at ang iyong kabutihan, sasaaki't tataglayin habang ako'y nabubuhay; doon ako sa templo mo lalagi at mananahan.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa *1 Ped 2:20-25*

Inilalarawan dito ni San Pedro ang kabayanihang ipinamalas ni Hesus bilang ang Mabuting Pastol na nagdanas ng matinding pagpapakasakit at naghain ng kanyang buhay para magtamo ang kanyang kawan ng walang hanggang kaligtasan at kapayapaan.

L –Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pedro

Mga pinakamamahal ko: Pagpapalain kayo ng Diyos kung kayo'y maparusahan sa paggawa ng mabuti. Ang pagtitiis ng hirap ay bahagi ng pagkahirang sa inyo ng Diyos; sapagkat nang si Kristo ay magtiis para sa inyo, binigyan niya kayo ng halimbawang dapat tularan.

Hindi siya gumawa ng anumang kasalanan, o nagsinungaling kailanman. Nang siya'y pahirapan, hindi siya nagbanta. Nanalig siya sa Diyos na makatarungan.

Sa kanyang pagkamatay sa Krus, dinala niya ang bigat ng ating mga kasalanan upang tuluyan na nating iwan ang pagkakasala at mamuhay ayon sa kalooban ng Diyos. Kayo'y gumaling sa pamamagitan ng kanyang mga sugat.

Sapagkat nagkawatak-watak kayo gaya ng mga tupang naligaw, ngunit tinipon kayong muli ng Pastol at Tagapangalaga ng inyong mga kaluluwa.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Aleluya *Jn 10:14*

***B* – Aleluya! Aleluya!**
Ako'y pastol na butihin,
kilala kong tupang akin; ako'y
kilala nila rin.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Jn 10:1-10*

Si Hesus ang Mabuting Pastol na kumakalinga sa kanyang mga alaga at siya ring "Pintuan" tungo sa buhay na walang hanggan.

P –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon sinabi ni Hesus: "Tandaan ninyo ito: ang pumapasok sa kulungan ng mga tupa nang hindi sa pinto nagdaraan, kundi umaakyat sa di-dapat pagdaanan, ay magnanakaw at tulisan. Ngunit ang nagdaraan sa pintuan ay siyang pastol ng mga tupa.

Pinapapasok siya ng bantaypinto, at pinakikinggan ng mga tupa ang kanyang tinig. Tinatawag niya ang kanyang mga tupa sa kanikanilang pangalan, at inilalabas sa kulungan. Kapag nailabas na, siya'y nangunguna sa kanila at sumusunod naman ang mga tupa sapagkat nakikilala nila ang kanyang tinig. Hindi sila sumusunod sa iba, bagkus pa nga'y patakbong lumalayo, sapagkat hindi nila nakikilala ang kanyang tinig."

Sinabi ni Hesus ang talinghagang ito, ngunit hindi nila naunawaan ang ibig niyang sabihin.

Kaya't muling sinabi ni Hesus, "Tandaan ninyo: ako ang pintuang dinaraanan ng mga tupa. Ang mga nauna sa akin ay mga magnanakaw at mga tulisan, ngunit hindi sila pinakinggan ng mga tupa. Ako ang pintuan. Ang sinumang pumapasok sa pamamagitan ko'y maliligtas. Papasok siya't lalabas, at makatatagpo ng pastulan.

Kaya lamang pupunta rito ang magnanakaw ay upang magnakaw, pumatay, at magwasak. Naparito ako upang ang mga tupa'y magkaroon ng buhay – isang buhay na ganap at kasiya-siya."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
***B* – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Kailanma'y hindi pinababayaan ng Mabuting Pastol na si Hesus ang kanyang kawan. Sa lahat ng panahon, nanawagan siya sa mga bukas-palad upang maging nakikitang kasangkapan ng kanyang pagmamahal. Manalangin tayo ngayon sa isang natatanging paraan para sa lahat ng kumakatawan kay Hesus dito sa atin at para sa mga tinawag niyang tumupad sa ganitong tungkulin. Manalangin tayo:

B –**Hesus na Mabuting Pastol, dinggin mo kami!**

* Para sa buong Simbahan: Nawa magkaroon siya ng maraming mababuting pari at mga relihiyosong makagaganyak sa mga tao sa pamamagitan ng kanilang mabuting halimbawa at pag-gabay sa kanila sa kabanalan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa, ating Obispo, at mga pari: Sila nawa'y maging malinaw na palatandaan ng pagpapasiyensiya, malasakit, at pagmamahal. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga magulang, guro, at pinunong pambayan: Maging tapat nawa sila sa kanilang misyong magtaguyod sa kabutihan ng mga taong nasa kanilang pangangalaga. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating kabataang tinatawagan ng Diyos para maglingkod sa Simbahan: Nawa maliksi sana silang tumugon at magsikap na maging tapat sa kanilang bokasyon. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga tagapagtaguyod ng mga bokasyon at naglilingkod sa mga bahay-sanayan: Nawa ang kanilang mga pagsisikap at panalangin ay magbunga ng mga katulong na pastol na kailangan ng Simbahan. Manalangin tayo! ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. *(Tumigil sandali.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P –Panginoong Hesus, magsugo ka ng marami't banal na mga pari at relihiyoso upang maging pastol ng Simbahang iyong kawan. Sa pagtulad sa iyo, ang Mabuting Pastol, sila nawa'y makapagpatuloy ng iyong gawain ng pagmamahal at habag at mag-akay sa amin sa kabanalan. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.
***B*–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo . . .
B – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, ipagkaloob mong kami ay magalak sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay ng iyong Anak upang ang ginagawang patuloy na pagsagip sa amin ay maging sanhi ng aming ligayang walang maliw sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B – **Amen!**

Prepasyo ng Pagkabuhay III

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Naghahaing walang humpay ang Anak mong minamahal upang magkasalu-salo ang tanan sa piging ng iyong buhay. Hindi na mamamatay ang inihain sa krus. Ang sa krus ipinako'y buhay lagi bilang handog.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – **Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B – **Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

B – **Ama namin . . .**
P – Hinihiling namin . . .
B – **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – **Kordero ng Diyos . . .**

Paanyaya sa Pakikinabang

P – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B – **Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Aleluya! Nabuhay din ang Pastol nating butihing namatay para sa atin, sarili n'ya'y inihain upang tayo ay buhayin.

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–**Ama naming mapagmahal, ikaw ang butihing Pastol na nagtataguyod sa amin kaya't kaming kawan mo ay iyong tangkilikin. Pakundangan sa dugo ng Anak mong dumanak upang kaming lahat ay iyong mailigtas, marapatin mong kami'y makarating sa pastulan na inilalaan mo sa amin ngayon at kailanman sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen!**

PAGWAWAKAS

P –Sumainyo ang Panginoon.

B **–At sumaiyo rin!**

P –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik sandali.)* Pagkalooban nawa kayo ng Panginoon ng pagpapahalaga sa pagpapari at relihiyosong bokasyon sa buhay ng Simbahan.

B **–Amen!**

P –Maging kasangkapan nawa kayo ng pag-ibig ng Diyos sa pagganyak at pagtulong sa mga tinawag Niya sa buhay na nakatalaga sa paglilingkod sa pamayanan.

B **–Amen!**

P –Maging tapat nawa kayo sa inyong bokasyong paglilingkod sa Panginoon at inyong kapwa sa pagtupad sa inyong mga tungkulin.

B **–Amen!**

P –Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B **–Amen!**

P –Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

B **–Salamat sa Diyos!**

makinig. kapanalig.
Veritas846
RADYO TOTOO
The Catholic Radio
veritas846kapanalig www.veritas846.ph @kapanalig

PANALANGIN PARA SA MGA BOKASYON

(Halaw sa Panalangin para sa mga Bokasyon na sinulat ni Santo Juan Pablo II.)

Isang taimtim na panalanging pinalalakas ng pamamagitan ni Maria nawa ay ipaabot sa Amang nasa langit para magpadala Siya ng mga "manggagawa sa Kanyang aanihin" (Mt 9:38). Magpadala nawa Siya ng masigasig at banal na mga pari sa bawat bahagi ng Kanyang kawan. Pinasisigla ng ganitong inspirasyon, dumulog tayo kay Kristo, ang Punong Saserdote, at manalangin sa kanya nang buong pananalig:

Hesus, Anak ng Diyos,
na tinatahanan ng ganap na Kabanalan,
tinatawag mo ang lahat ng binyagang pumalaot sa dagat,
at manunton sa landas patungong kabanalan.
Pukawin sa mga puso ng kabataan ang hangad
na maging mga saksi sa daigdig ngayon
sa kapangyarihan ng iyong pagmamahal.
Puspusin sila ng iyong Espiritu ng katatagan at pag-iingat,
upang matuklasan nila ang ganap na katotohanan
tungkol sa kanilang sarili't kanilang bokasyon.

Aming Tagapagligtas,
na sugo ng Ama upang ihayag ang Kanyang
mahabaging pagmamahal,
pagkalooban ang iyong Simbahan
ng kabataang handang magpalaot sa kalaliman,
upang maging tanda sa kanilang mga kapatid
ng iyong presensiyang nagpapanibago't nagliligtas.
Mahal na Birhen, Ina ng Manunubos,
tiyak na patnubay patungo sa Diyos at sa kapwa,
ikaw na nagpahalaga sa kanyang salita sa iyong puso,
pasiglahin ng iyong makainang pamimintakasi
ang aming mga mag-anak at aming mga pamayanan
upang makatulong sila sa kabataan
sa lubusang pagtugon sa panawagan ng Panginoon.
Amen!

Mula sa Word & Life Publications

Mga pantulong para sa inyo at inyong grupo sa pagninilay sa mga misteryo ng Rosaryo:







VCD, PowerPoint, Pamphlet, Poster, Tarpaulin, at marami pang iba!

Mabibili sa Word & Life Center sa Makati, religious bookstores, at National Book Store

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, R. Molomog, V. David, K. Dy, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua